KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

ISPESYAL NA ISYU BASAHIN AT TALAKAYIN 29 MARSO 2026



# MAGWASTO AT MAGPALAKAS! SAGPANGIN ANG PABORABLENG KALAGAYAN PARA SA PAGSUSULONG NG DIGMANG BAYAN

Pahayag para sa ika-57 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan
ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) - Timog Katagalugan
Marso 29, 2026

Sa okasyon ng ika-57 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, ipinapaabot ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa rehiyong Timog Katagalugan ang Pulang saludo sa magigiting na Pulang mandirigma ng BHB, kabilang ang mga nasa yunit gerilya at milisya sa nakamit nilang mga tagumpay at sa taglay na di-masukat na determinasyon, pambihirang katapangan at kapangahasang isulong ang armadong pakikibaka upang kamtin ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya at hawanin ang sosyalistang bukas. Pagpupugay sa rebolusyonaryong mamamayan, kapwa sa kanayunan at kalunsuran sa matapang na pagharap sa kampanyang kontra-insurhensya ng estado at sa walang maliw na pagbibigay ng malawak at malalim na pampulitikang suporta sa armadong pakikibaka. Mataas na pagkilala sa mga kadre at kasapi ng Partido, mga mandirigma ng BHB at rebolusyonaryong mamamayan na ipiniit ng papet na estado sa kanilang di-natitinag na rebolusyonaryong katatagan sa dakilang simulain ng Partido at pambansa-demokratikong rebolusyon.

Sa araw ng anibersaryo, ating alalahanin at bigyan ng pinakamataas na parangal at dalawampu't isang saludong putok ng pagpupugay ang mga rebolusyonaryong martir at bayani ng digmang bayan at rebolusyong Pilipino sa nakaraang 57 taon. Pinakabago sa kanila sa nakaraang taon ang mga mandirigma ng BHB sa Timog Katagalugan na sina Jordan "Ka SY/RF" Mopon, Jomari "Ka Jonel" Palomar, Ka Kardo, Ising "Ka Mutya" Domingo at Sandy "Ka Tau" Broncano. Dapat tayong lipusin ng kanilang ipinamalas na talino, husay, katapangan at kabayanihan. Binigyan nila tayo ng higit na inspirasyon at determinasyong mahigpit na hawakan ang baril at isulong ang digmang bayan sa bagong yugto ng rebolusyonaryong pagpupunyagi.

Dapat nating ipagbunyi at alalahanin ang mga nakamit nating tagumpay sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan sa nakaraang 57 taon. Mula sa halos wala, nakamit ng BHB ang katayuan bilang pinakamalakas na rebolusyonaryong hukbo sa kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan at

demokrasya. Umugat ito sa buong bansa, sa estratehikong mga rehiyon, probinsya, distrito at mga munisipalidad. Nagawa nitong maiambag ang kanyang bahagi upang pahinain hanggang maibagsak ang diktadurang US-Marcos sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagpapalakas ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan at bigwas ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa. Binigo nito ang sunud-sunod na kontra-rebolusyonaryong kampanya ng mga papet na rehimen matapos ni Marcos.

Milyong magsasaka na ang nakinabang at nakikinabang sa pagpapalaya ng BHB sa daan-libong ektaryang lupaing agrikultural na sakahan mula sa kontrol ng malalaking kumprador-panginoong maylupa at mga burukrata-kapitalista. Sa Timog Katagalugan, hindi bababa sa 20,000 ektaryang sakahan, pastuhan, kagubatan at mga lupaing ninuno ang napalaya mula sa kamay ng mga panginoong maylupa, naipamahagi at hanggang ngayon ay tinatamasa ng mga magsasaka. Kung ilang doble pa ang nagtamasa ng tagumpay mula sa mga kampanya sa pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid at pagpapababa ng interes sa pautang. Naitaas ang produksyon sa kanayunan kung saan din nagkamit ng mga tagumpay sa rebolusyong agraryo. Sa mga lugar na umiral ang Pulang kapangyarihan, tumaas ang pampulitika't kultural na antas ng mamamayan at nakamit ang isang antas ng kaayusan matapos lipulin ng Pulang hukbo ang mga sindikato ng mangangalabaw, mga armadong maton ng mga panginoong maylupa at konsesyunaryo at iba pang sagad-saring masasamang elemento.


**KALATAS**

*29 Marso 2026*
*ISPESYAL NA ISYU*

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

@southern_tagalog_
revolutionary_portal


Ang BHB ang naging tunay na sandigan at tagapagtanggol ng masang magsasaka sa kanilang pakikibaka para sa lupa, kabuhayan at karapatan.

Nakamit natin ang mga tagumpay hindi sa tuwid na daan kundi sa baku-bako at liku-likong landas ng pagsulong. Dumaan tayo sa siklo ng mga pagsulong-pag-atras at muling pagsulong, sa mga tagumpay-kabiguan at muling pagtatagumpay, sa mga pagkakabuo-pagkabuwag at sa muling pagkakabuo, sa paglakas-paghina at sa muling paglakas. Dumadaan tayo sa ganitong nagkakailang siklo at sa bawat siklo ng ating pagpupunyagi inilulunsad ang mga kilusang pagwawasto na ang dalawa ay dakila ang kahalagahan. Sa bawat pagwawasto aanihin ang pagpapanibagong sigla at lakas. Sa bawat siklo iaangat ang antas ng lakas ng suhetibong pwersa ng rebolusyon at kamalayan ng mamamayan na naglalapit sa atin tungong minimithing tagumpay. Ito ang batas ng pagsulong ng makatarungang rebolusyong isinusulong ng Partido at sambayanan at isang kinakailangan at natural na prosesong dadaanan ng ating digmang bayan.

Mula 2023, isinakatuparan ng Partido ang pambansang kilusang pagwawasto. Dumanas tayo ng mga pagkatalo at pagkabigo sa nakaraang kulang isang dekada hindi lamang dahil sa pag-atake ng kaaway kundi pangunahin dahil sa ating mga internal na kamalian at kakulangan. Isa sa pangunahing kahinaan natin ang kabiguang himukin at palahukin ang papalawak at paparaming bilang ng mamamayan sa digmang bayan. Sa gayon, nalagay sa lantay militar na labanan ang malaking bahagi ng BHB kung saan makakapanaig ang kaaway na di hamak na mas malakas sa aspetong militar. Dahil sa seryosong laki ng pag-atras na natamo, hindi magiging madali ang pagbawi at muling paglakas. Kinakailangan ang buong lakas at determinadong pagpupunyaging iwasto ang mga pagkakamali at isulong ang mga tungkulin sa ibayong pagpapalakas. Sa ikatlong taon ng kilusang pagwawasto, nakapagkamit na tayo ng mga tagumpay bagamat malaki pa ang kailangang gawin.

## NAPAKAPABORABLE NG KALAGAYAN SA PAGSULONG NG DIGMANG BAYAN

Tulak ng hindi malutas-lutas na krisis ng sobrang produksyon, pagkagahaman na makontrol ang langis at *rare earth materials* sa daigdig at upang mapigilan ang tuluy-tuloy na pagbulusok ng hegemonya sa daigdig ng imperyalismong US, naghuhuramentado itong iwinawasiwas ang gyerang mapanakop. Buong kahambugan nitong ipinambu-*bully* gamit ang armadong pwersa ng Amerika na kanilang ipinagmamalaking walang kaparis ang lakas sa buong mundo. Wala ni anumang paggalang sa internasyunal na batas, tigas-mukha nitong isinagawa ang agresyong militar una laban sa Venezuela at pangalawa sa Iran gamit ang gawa-gawang kaso laban sa mga nabanggit na bansa at kanilang mga lider. Kakutsaba nito ang Zionistang Israel sa paghahasik ng lagim sa mga bansa at mamamayan sa Gitnang Silangan. Inaasahang titindi pa ang gyerang agresyon ng US-Israel sa Iran at malaki ang posibilidad na magtagal at lumawak pa. Binuo din ni Trump ang Board of Peace (BOP) bilang instrumento para sa kapayapaan kuno sa mga lugar na may gyera. Sa katotohanan, instrumento ito ng US upang ikubli ang madugong gyera at pananakop nito sa mga bansa sa daigdig. Sa kabilang dako, nagbabadya ang pagputok ng digmang mapanakop ng US sa Cuba, Greenland at Indo-Pacific.

Sa loob lamang ng isang buwan, milyong mamamayan, pangunahin na'y masang anakpawis ang biktima ng gyera. Sa mga ito'y 3,196 ang napatay, 33,393 ang sugatan at milyon ang mga pinalayas sa kanilang mga lugar at tahanan. Pinakamalaking bilang ng biktima ay ang mga mamamayan sa Iran na mayroong 1,937 patay at 24,800 sugatan at sa Lebanon na may 1,094 patay, 3,119 sugatan at halos isang milyong mamamayan ang napalayas. Karumaldumal ang pagtarget ng US-Israel sa mga bata sa Iran na umaabot na sa 210 ang napatay, pinakamalaki ay ang 168 na batang napatay sa isang pambobomba sa eskwelahan sa Minab. Winasak din ang 300 *health, medical and emergency centers* ng mga bomba ng US-Israel.

Pinalala pa nitong lalo ang krisis sa ekonomya ng buong daigdig, lalo't nagmumula sa Gitnang Silangan ang pinakamalaking suplay ng langis na ginagamit ng mga bansa sa halos lahat ng kontinente. Tumaas tungong $104 bawat bariles o pagtaas ng 40% ang presyo ng langis sa daigdig mula nang ipinutok ni Trump ang gyera sa Iran noong Pebrero 28. Umaabot naman sa 60% ang itinaas sa presyo ng langis sa daigdig mula sa sa $62.54 kada bariles noong Disyembre, 2025.

Sa gitna ng lahat ito, buong kademonyohan namang pinlanong pagpyestahan ng pinakamalalaki't pinakapasistang oligarkiya sa pinansyang kinakatawan ni Trump ang gyerang naghahatid ng delubyo at kamatayan sa masang anakpawis. Sa gitna ng pagkawasak ng mga pwersa't kagamitan sa produksyon resulta ng gyera, tumatabo ng napakalaking tubo ang mga monopolyo kapitalista sa langis, laluna ang mga oligarkiya sa pinansyang may kontrol sa *military industrial complex* ng Amerika. Nangunguna sa mga ito ang Lockheed Martin, RTX-Raytheon, General Dynamics, Boeing, Northrop Grumman, L3Harris at Honeywell Aerospace na komopo ng mga kontrata sa gubyerno ni Trump upang palakihin ng dalawa hanggang apat na beses ang produksyon ng mga modernong kagamitang pandigma. Umaabot na sa $1 trilyon ang badyet sa depensa ng US sa taong 2026 at pinaplano pang palakihin ito tungong $1.5 trilyon sa taong 2027, halos doble sa dating badyet sa depensa sa panahon ni Biden na $874 bilyon. Sa isang balita, tumaas ang halaga sa *shares* at *stocks* ng mga kumpanya sa *military industrial complex* at kumita si Trump ng $500 milyon mula nang pumutok ang gyera sa Iran.

Tubong lugaw ang mga monopolyo-kapitalista sa langis sa US, Russia, Canada at Norway (mga bansang may malaking industriya ng langis independyente sa Gitnang Silangan), ang mga monopolyo kapitalista ng langis sa Pilipinas, gayundin ang mga malalaking kumprador at burukrata-kapitalista na nagbenepisyo ng malaki sa iniresultang *price shock* bunga ng malaking kakapusan ng suplay ng langis sa daigdig matapos na epektibong sarhan ng Iran ang Strait of Hormuz kung saan dito dumadaan ang 1/5 ng suplay ng langis sa mundo.

Higit na nalantad ang bulnerabilidad ng ekonomya ng Pilipinas bunga ng kawalan ng pambansang industriya sa enerhiya at langis. Sumirit sa abereyds na ₱80.63 kada litro ang presyo ng gasolina, higit ₱100 kada litro ang presyo ng *diesel* o ₱39.55 na pagtaas bawat litro kumpara noong Disyembre, 2025 (₱60.65 kada

***“Sa harap ng grabeng pinsala...dala ng gyera ng imperyalismong US at ng ibayo pang paglala ng kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, lalung nalalagay sa nangungunang kahalagahan para sa sambayanang Pilipino ang pangangailangan ng pagpapanibagong sigla at lakas ng matagalang digmang bayan at armadong pakikibaka...”***

litro). Nagbabadya ang pagkaubos kung hindi man ay napakalaking kakapusan sa suplay ng langis kapag tumagal pa ang gyera sa Gitnang Silangan. Ito ay dahil sa higit 98% ng ginagamit na langis ay iniimport ng bansa at ang higit 90% sa mga ito ay nagmumula sa mga bansa sa Gitnang Silangan at karaniwang dumadaan sa isinarang Strait of Hormuz. Awtomatik na epekto nito ang mabilis na pagpaimbulog ng presyo ng mga pangunahing bilihin. Tumaas na ng nasa ₱3 bawat kilo ang presyo ng bigas, halos ₱2 bawat litro ang presyo ng langis panluto mula lamang buwan ng Pebrero. Tinatayang aabot ng ₱1,500 ang presyo ng tangke ng gasul mula sa dating ₱900. Bumagsak din ang halaga ng piso kontra sa dolyar na ngayon ay umaabot na sa ₱60. Nalalagay sa panganib at apektado ang kabuhayan ng 2 milyong Pilipinong OFW na nasa Gitnang Silangan. Umaabot na sa 425 ang mga nagsarang gasolinahan dulot ng kakulangan ng suplay.

Epekto nito ang pagbagsak ng kita at kabuhayan ng manggagawa at magsasaka, maging ng petiburgesya sa harap ng kawalan ng dagdag na sahod, pagbagsak ng presyo ng produktong bukid at paghina ng kapasidad ng piso na bumili. Pinakaapektado ang masang *driver* ng *jeep* na nabawasan ng higit sa ₱700 ang arawang kita dahil sa pagtaas ng presyo ng *diesel*. Mga pasilip pa lamang ito sa tiyak na higit pang delubyong darating kapag nagtagal pa ang digmaan sa Gitnang Silangan.

Malaking dagok ang paglala ng krisis sa 7.5 milyong malaproletaryadong mamamayan sa rehiyong TK—5.43 milyong batayang saray na magsasaka sa kanayunan at 2.07 milyong malamanggagawa sa kalunsuran. Sila yaong walang istableng kabuhayan at nabubuhay sa araw-araw na kagutuman at kahirapan. Nagdurusa rin ang nasa 1.7 milyong manggagawa sa mga engklabong industriyal at Micro, Small and Medium-Sized Enterprises (MSMEs). Hanggang ngayon, wala sa kalahati ng ₱1,200 na *family living wage* ang abereyds na minimum na sahod sa CALABARZON at MIMAROPA.

Sa loob o labas man ng bansa, hindi makaiwas ang sambayanang Pilipino sa idinudulot na kahirapan, pagsasamantala at panunupil dala ng imperyalismong US, malalaking kumprador-panginoong maylupa at burukrata-kapitalista. Dinala nito sa isa pang antas ng lupit ang dati ng kahirapang dinaranas ng mamamayang Pilipino.

Tuluy-tuloy naman ang pandarambong nina Marcos at Duterte sa kabang yaman ng bayan, kasabay ng tuluy-tuloy na pamamasista sa sambayanang lumalaban. Wala ni isa mang napapanagot kahit na nalantad ang sariling ₱8B kinurakot mismo ni Marcos at lubhang nagtatagal ang pagpapanagot sa pandarambong ni Sara Duterte. Hinahayaan lamang ng US ang mga pagnanakaw na ito basta't patuloy na tinitiyak ng kanyang mga tuta ang paniniguro sa kanyang heyopulitikal na interes sa bansa. Mulat sa kanyang papel bilang tuta ng US, patuloy na nakikipagkutsabahan si Marcos upang ihanda ang nilulutong gyera ng US laban sa China. Bukod sa pagdaragdag ng mga base militar sa pamamagitan ng mga EDCA *sites*, magaganap ngayong Abril hanggang Mayo ang pinakamalaking Balikatan Exercise ng US, Japan, Pilipinas at Australia.

Sa harap ng grabeng pinsala sa buhay, kabuhayan at kapaligiran na dala ng gyera ng imperyalismong US at ng ibayo pang paglala ng kronikong krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, lalung nalalagay sa nangungunang kahalagahan para sa sambayanang Pilipino ang pangangailangan ng pagpapanibagong sigla at lakas ng matagalang digmang bayan at armadong pakikibakang isinusulong ng Partido, BHB at NDFP. Lubha ang pagkamuhi ng sambayanan sa imperyalismong US at sa papet na rehimeng Marcos. Naghahangad at sumisigaw ang sambayanang Pilipino, laluna ang masang manggagawa, magsasaka at kabataan ng rebolusyonaryong pagbabago. Nasa ating panig ang napakapaborableng salik upang ibaling ang pagkasiphayo ng sambayanan tungo sa armadong paglaban. Napakatibay ng ating batayan at pundasyong tuntungan kung bakit nakatitiyak tayong muling makakapagpanibagong sigla at lakas ang digmang bayan at na sa hinaharap ay tiyak ang pagbagsak ng kaaway at pagkakamit ng tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa Pilipinas.

## MATATAG NA ISULONG ANG PAKIKIDIGMANG GERILYA SA YUGTO NG ESTRATEHIKONG DEPENSIBA

Kinakaharap natin ang malaki at malakas na AFP-PNP na may katuwang na pwersang militar ng imperyalismong US. Kahit ganito, sa estratehikong pagtingin, ang lakas nito'y tigreng papel ang katumbas. Nakatuntong ito sa marupok na pundasyon ng pagiging papet ng dayuhang mapanakop, mapanupil, mapagsamantala sa sambayanang Pilipino at sa gayo'y sukang-suka ang mamamayan sa kanila. Naghuhuramentado itong madurog na kaagad ang BHB at rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas upang buong magamit ang pwersang AFP-PNP at mga reserba sa nilulutong gyera laban sa China.

Sa rehiyong Timog Katagalugan lamang, mayroong kabuuang 32-34 panagupang batalyon ng AFP-PNP ang nakapakat sa rehiyon na may tinatayang 16,000 lakas tauhan. Nagmumula ito sa siyam na batalyong impantri, isang batalyong *scout ranger*, isang batalyong *division reconnaisance*, isang batalyong *military intelligence,* tatlong *marine battalion landing team*, isang *combat group* ng Philippine Air Force, siyam na panagupang batalyon ng PNP at mga pwersang CAFGU. Bukod pa ang mga pwersang *navy, coastguard,* SWAT, at iba pa. Katumbas ito ng isang pasistang sundalo ang nakatutok sa kada 1,188 na mamamayan sa buong rehiyon (Region IV-A at Region IV-B). Samantala, sa rehiyong TK, mayroon lamang 3.5 na doktor sa kada 10,000 populasyon sa CALABARZON at 3 doktor sa kada 10,000 mamamayan naman sa MIMAROPA. Malayo ito sa itinakdang resyo ng UN na 10 doktor kada 10,000 populasyon[1]. Kitang kita na ang prayoridad ng estado ay pasismo at karahasan laban sa mamamayan.

Naglulunsad ang estado ng walang puknat na pinatinding pag-atake sa balangkas ng *focused and sustained military operations* at *gradual constrictions,* walang habas na pambobomba at istraping mula sa himpapawid at lupa sa mga sakahan at komunidad ng mga magsasaka, katutubo at mamamayan, pamamaslang, iligal na pang-aaresto at pagpipiit, tortyur, mga pekeng pagpapasuko, pagkontrol sa populasyon kaakibat ng mga pakitang-taong mga akto upang kasabay ng teror at pamimilit ay naghahasik ng panlilinlang.

Iniulat na may 119 kaso ng paglabag sa karapatang tao sa Timog Katagalugan mula Disyembre 2024 hanggang Disyembre 2025. Sa mga ito, mayroong 30,015 biktima na apektado sa isinagawang pambobomba sa Quezon at Mindoro. Tampok naman sa bungad ng 2026 ang walang habas na pambobomba sa Brgy. Cabacao, Abra de Ilog, Occidental Mindoro gamit ang apat na *attack helicopter*. Tatlong bata ang napaslang habang sugatan ang kanilang ina. Namatay rin ang kabataang *researcher* na si Jerlyn Rose Doydora at dinakip at iligal na idinetine ng 2nd IDPA si Chantal Anicoche, isang Filipino-American. Ipinatupad ang batas militar sa lugar at napilitang lumikas ang 188 pamilya.

Sa kabila ng mala-halimaw na laki at lakas ng kaaway at mga operasyong militar, nagtatagumpay ang mamamayan at BHB na magpatuloy sa pakikibaka. Gamit ang mga taktikang gerilya, kahanga-hangang kagitingan, determinasyon at husay ng mga kumander at mandirigma ng BHB, masiglang paglahok ng masa at sa wastong pamumuno ng Partido, nagagawa ng BHB at mamamayan na magpreserba ng sapat na armadong lakas at pakitunguhan ang ilampung libong nakapakat na kaaway sa rehiyon. Pinatunayan ng mga mandirigma at mamamayan ng Abra De Ilog na kayang biguin ang pag-atake ng pinagsamang pasistang batalyon ng 2nd ID, Philippine Army at Philippine Air Force sa naganap na labanan noong Enero 1. Nagawa ng BHB na pinsalain ang umaatakeng mga pasista at agad na mabilis na maglaho upang papurulin ang atake ng kaaway.

Para sa isang maliit at mahinang hukbo at nakikibakang mamamayang humaharap sa isang malaki at malakas na kaaway, wala tayong ibang mapagpipilian kundi isakatuparan ang pakikidigmang gerilya. Isa itong taktika sa pakikipaglaban ng BHB at buong mamamayang naglulunsad ng digmang bayan. Umaalinsunod ito sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan na kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan.

Layunin nitong ipreserba ang sarili, abutin at palahukin sa digma ang aping mamamayan ng bansa at patamaan ng bigwas sa ulo at libong sugat sa katawan ang kaaway. Isa itong taktika sa buong panahon ng estratehikong depensiba

1 *Mula sa Population data as of 2024, gathered at pagsusuri ng Ibon Foundation from Stat of DOH national data base of selected human resources for health, PSA census of population.*

ng digmang bayan sa Pilipinas upang kamtin ang pampulitika't pangmilitar na mga rekisito sa pag-igpaw ng digmang bayan tungong kasunod na estratehikong yugto ng pagkapatas kung saan magiging pangunahin na ang regular na pakikidigmang makilos na gumagamit ng regular na pwersang makilos, kaakibat ang pakikidigmang gerilya bilang sekundaryong anyo ng pakikidigma.

"Ang tanging wastong direksyon ng pagsisikap ay ibayong masaklaw at masinsin pang pakikidigmang gerilya, higit na mas malawak, mas puspusang gawaing masa, at higit pang pag-aangat ng kumbinasyon at koordinasyon ng pakikidigmang gerilya sa iba't ibang pakikibakang bayang ligal, malaligal at iligal, na ang sumatotal ay ang kabuuang mobilisasyon ng mamamayan para sa digma at paglaban. Ang malawakan at garapal na pag-abuso ng pasista at berdugong rehimen sa mga demokratikong karapatan sa ngalan ng kumpletong pagdurog sa armadong rebolusyon at lahat ng pagtutol at paglaban ay lumilikha ng mas paborable pang mga kundisyon at lalong nagtutulak sa mamamayan na tumutol at lumaban sa lahat ng paraan sa abot ng makakaya."[2]

Sa lahat ng dako, dapat nating muling pasiglahin ang rebolusyonaryong kilusang masa. Dapat tayong magtagumpay na ibaling ang pagkasiphayo at galit ng bayan sa bulok na lipunan tungong armadong paglaban. Dapat na magsikhay na abutin ang malawak na masa, pamunuan ang kanilang mga pakikibaka at ituro sa kanila ang landas ng pambansa-demokratikong rebolusyon bilang tanging solusyon sa pundamental na problema ng bayan. Sa pamamagitan nito, muling payabungin at patibayin ang mga batayan sa pagsigla at paglakas ng armadong pakikibaka.

Dapat mapreserba at mapalakas ang BHB saanman nagtagumpay na biguin ang kampanya ng pagdurog at pangwawasak ng kaaway. Saanman walang presensya ng Pulang hukbo, dapat pagsikhayang magpakahusay sa gawaing masa hanggang maitayo sa hanay ng masa ang BHB at agad na simulan ang armadong pakikibaka sa mga lugar na iyon. Sa lahat ng lugar, dapat pangunahan ng Partido ang mga tungkulin sa muling pagpapalakas ng BHB.

Sa kanayunan, dapat mahigpit na hawakan ang pakikibakang anti-pyudal upang lutasin ang problema sa lupa ng masang magsasaka bilang susing kawing ng gawaing masa. Sa pamamagitan lamang nito makukuha ang pampulitikang suporta ng pinakaapi at pinakamalaking bilang ng populasyon sa digmang bayan. Kung wala ito, pangarap na gising ang ninanais nating pagsulong o paglakas ng armadong pakikibaka at pagtatagumpay ng matagalang digmang bayan sa pambansang saklaw.

Sa balangkas nito dapat ipaglaban ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi sa usura at pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid. Bahagi nito, dapat pamunuan ang pakikibaka para sa pagpapataas ng produksyon, pagpapataas ng presyo ng produktong bukid, pagpapababa sa presyo ng *farm inputs* at mga kampanya't pakikibaka upang ibasura ang mga neoliberal na patakaran laluna iyong Rice Tariffication Law, walang habas na importasyon ng asukal at iba pang produktong agrikultura na pumapatay sa lokal na produksyon. Dapat pamunuan ang pakikibakang bayan laban sa mga dayuhan at malakihang pagmimina, mga plantasyong *monocrop* at mga proyektong "pangkaunlaran" ng reaksyunaryong gubyernong talamak ang rekord sa pangangamkam ng lupa ng mga magsasaka at katutubo at pangwawasak sa kapaligiran. Dapat singilin at panagutin ang US at lokal na naghaharing uri sa kanilang pananagutan sa pagwasak sa kapaligiran ng bansa dahilan ng mga pagbaha, tagtuyot at iba pang kalamidad na nagiging delubyo ang epekto sa mamamayan. Sa piling pagkakataong ipinahihintulot ng lakas at kalagayan, dapat sagpangin ang pakikibaka ng magsasaka upang kumpiskahin ang lupa ng mga panginoong maylupa at libre itong ipamahagi sa masang magsasakang wala o kulang sa lupang binubungkal.

Magiging matagumpay at magiging matagalan ang anumang nakamit na tagumpay ng pakikibakang anti-pyudal kapag may malawak at malalim na baseng masa at may malakas na Bagong Hukbong Bayan. Bahagi nito, kailangang itayo at paganahin ang mga rebolusyonaryong organisasyon ng mga magsasaka, kababaihan, kabataan, mga selula ng panggitnang pwersa, mga yunit ng milisyang bayan at mga komite sa depensa. Sa batayan ng paglakas ng organisasyon ng mga batayang saray, kabigin sa panig ng rebolusyon ang mga panggitnang pwersa mula sa antas ng baryo at mga munisipalidad. Dapat abutin ng antas ng base ang pagtatayo at pagpapagana ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

---

2 *Punto sa pag-aaral sa Mga Usapin sa Estratehiya sa pakikidigmang gerilya laban sa Hapon ni Mao Zedong*




Sa kalunsuran, dapat ipaglaban ang batayang interes ng masang manggagawa at malamanggagawa para sa nakabubuhay na sahod, kaseguruhan sa trabaho, panirikan at pakikibaka para sa kanilang karapatang mag-unyon at maglunsad ng welga bilang kanilang sandata. Habang isinusulong ang pakikibakang pang-ekonomya, nararapat na itaas ang pampulitikang kamulatan ng mga manggagawa at malamangagawa kaugnay ng estado at rebolusyon at ang pangangailangan ng digmang bayan upang ganap na ibagsak ang kapangyarihang pampulitika ng monopolyo kapitalistang dayuhan, malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa. Higit pang palawakin ang kilusan ng mga kabataang intelektwal at tiyaking iugnay ang mga ito sa pakikibaka ng uring manggagawa at malamanggagawa sa lungsod at ng masang magsasaka at armadong pakikibaka sa kanayunan.

Dapat gampanan ng rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran ang kanyang dalawang tungkuling palawakin at patatagin ang pambansa-demokratikong rebolusyunaryong kilusan ng manggagawa, malamanggagawa, kabataang intelektwal, iba pang aping sektor at iambag ang kanyang buong makakaya sa isinusulong na armadong pakikibaka, pagtatayo ng mga sona at larangang gerilya at pagpapasigabo ng rebolusyonaryong kilusang magsasaka sa kanayunan. Sa ilang piling pagkakataon, dapat ilunsad ang mga espesyal na operasyon ng BHB sa kalunsuran upang parusahan ang mga sagad-saring kaaway ng mamamayan.

Sa paraang papalawak at papalalim, nararapat na reklutahin ang mamamayan, laluna ang masang magsasaka, malamanggagawa, manggagawa, kabilang na ang mga kabataan, kababaihan, mangingisda, pambansang minorya at mga demokratikong sektor sa rebolusyonaryong kilusang lihim. Sa pamamagitan nito, ilatag ang malawak at may sapat na lalim ng kilusang lihim kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Ang mga kwalipikadong maging mandirigma ng BHB ay himukin na sumapi sa BHB. Ang pinakaabante sa kanilang hanay ay reklutahin sa Partido. Lahat ng mamamayang organisado sa kilusang lihim ay dapat bigyan at gumampan ng tungkulin sa pagsusulong ng digmang bayan. Sila ang bubuo ng mga bagong dugo at pwersang magdadala sa bagong yugto ng sigla at lakas ng buong rebolusyonaryong kilusan at armadong pakikibaka. Sa kanilang hanay, itayo, palakasin at masiglang paganahin ang mga yunit ng milisyang bayan, mga yunit pananggol sa baryo, komite sa depensa at mga brigada sa depensa ng mga organisasyong masa. Sa pagkakaorganisa sa kanila at wastong pamumuno ng Partido, maisasakatuparan ang pakikidigmang gerilya ng masa na magiging napakalakas na katuwang ng mga pultaym na yunit gerilya.

Bilang pangunahing organisasyong masa ng Partido sa pagtupad ng mga tungkulin sa kanayunan, dapat matalinong isakatuparan ng BHB ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Alinsunod dito, dapat isakatuparan ng BHB ang matatagumpay na taktikal na opensiba at iba pang aksyong militar ayon sa kanyang lakas upang ipagtanggol ang mamamayan, laluna ang masang magsasaka sa kanilang pakikibaka para sa lupa, kabuhayan at karapatan. Pangunahing tungkulin ito ng BHB bilang tanging tunay na hukbo at sandigan ng sambayanang Pilipino sa paglaban sa kanilang mga kaaway. Targetin ng gerilyang aksyon ng BHB at rebolusyonaryong mamamayan ang mga sagad-saring kaaway ng masa, laluna iyong may mga utang na dugo at perwisyo sa kanilang buhay at kabuhayan. Dapat magawa nitong kumpiskahin ang kagamitang militar ng kaaway. Dapat na gawin ang buong makakaya upang dinggin ang hinaing ng mamamayan na igawad ang hatol ng hukumang bayan sa mga kontra-rebolusyonaryong taksil sa kanilang mga kriminal na pananagutan sa masa at rebolusyonaryong kilusan. Gawin ito upang kamtin ang rebolusyonaryong hustisya para sa mga biktima at bigyan ng inspirasyon ang masang tahakin ang landas ng armadong paglaban.

## MAGPAKAHUSAY SA TAKTIKANG GERILYA

Ang operasyong gerilya ay kumikilos kapwa sa interyor at eksteryor na linya. Wala itong pirming linya ng labanan liban sa kung nasaan ang kaaway. Gamit nito ang lubhang pleksibilidad upang mabilis na umangkop sa nagbabagong sitwasyon ng digma. Isinasakatuparan nito ang tatlong batayang kilos gerilya:

Una, magkonsentra upang magkonsolida, maglunsad ng taktikal na opensiba at o magdepensa;

Ikalawa, mag-*disperse* upang ikalat ang pakikidigmang gerilya sa pinakamalawak na saklaw, buuin ang armadong lakas sa hanay ng masa at mga gerilyang yunit sa estratehiko at maraming lugar, abutin ang malawak na masa at erya at alisan ng pirming target ang kaaway, at;

Ikatlo, maging makilos at magpalipat-lipat upang umiwas sa mga labanang hindi kinakailangan, hanapin ang bulnerabilidad ng kaaway sa ibang lugar at pagkakataon at kamtin ang mataas na antas ng pleksibilidad at inisyatiba.

Sa lambong ng mamamayan, ginagamit ng BHB ang liksi at pagiging malihim ng kanyang mga maniobra upang gawing bulag at bingi ang kaaway at tuluy-tuloy na maluwag na mahawakan ang inisyatiba at maisakatuparan ang kinakailangang pleksibilidad. Isinasakatuparan nito ang taktikang paglalakad at paghimpil na walang bakas, paglulutong walang usok, paglalakad sa dilim nang walang ilaw, pag-uusap na walang ingay, paggamit ng payong upang labanan ang *drone surveillance* at iba pang taktika't teknik upang gawing inutil ang *GPS tracker,* elektroniko at *cyber surveillance* ng US at ng AFP-PNP.

Pamalagiang tungkulin nitong wasakin ang lambat paniktik na itinatayo ng kaaway sa hanay ng baseng masa sa pamamagitan pangunahin ng gawaing pampulitika at sa ilang piling kaso ay pagbunot sa mga sagad-saring espiyang kaaway.

Gumagamit ito ng mga pakanang gerilyang panlansi upang papasukin ang kaaway sa itinakda niyang interyor na linya upang doon ito durugin. Popular ang mga taktikang "magpakita sa kanluran ngunit maglunsad ng pag-atake sa silangan", "pasuntukin sa hangin ang kaaway". Higit itong pinaunlad ng BHB sa nakaraang 57 taon sa aktwal na pakikidigma.

Sa pamamagitan ng mahusay na aplikasyon ng mga taktika at planong gerilya, nagagawa nitong makamit ang bentahe sa mga taktikal na opensiba o labanang mabilis na tinatapos upang durugin ang kaaway. Kaya habang sa yugto ng estratehikong depensiba, lubhang nakalalamang ng kung ilang sampung ulit ang lakas ng kaaway kumpara sa BHB kapwa sa tauhan at sandata, sa taktikal na antas, nagagawa ng mahuhusay na gerilyang yunit ng BHB at masa na kamtin ang sapat na lakas upang ipagtagumpay ang taktikal na opensiba laban sa kaaway gamit ang elemento ng sorpresa at labanang mabilis na tinatapos.

### Kumpletuhin ang kailangang lakas pamutok at iba pang kagamitang militar ng BHB

Habang nagpapakahusay sa pagsasakatuparan ng mga taktikang gerilya, dapat pagsikhayang kumpletuhin ang kailangang lakas pamutok at iba pang kagamitang militar ng bawat yunit ng BHB. Kaakibat nito, dapat magsagawa ito ng sistematikong pagsasanay upang makamit ang pagkabihasa sa teknika ng paggamit nito sa pakikipaglaban sa kaaway. Dapat na pagsikhayang magpalitaw ng mga sandata, pangunahin mula sa kaaway, gayundin mula sa mga pwersa, masa at kaibigan ng rebolusyon. Ikumbina ang mga modernong sandatang impantri, *anti-aircraft*, mga pasabog at mga tradisyunal na mga sandatang gamit ng masa.

### Buuin ang mataas na pagkakaisa, kasanayan at mahigpit na disiplina ng BHB

Sa harap ng mahahalagang tungkuling itinakda sa kilusang pagwawasto at ng pangangailangang sagpangin ang napakapaborableng sitwasyon sa pagpapalakas ng digmang bayan, hinahamon ang mga kadre at kasapi ng Partido, mga pulang kumander at mandirigma ng BHB na matamang mag-aral at magbalik-aral sa kabang yaman ng MLM at ng Partido, walang tigil na magsanay upang itaas ang antas ng taktika at teknika at umalpas mula sa nakagawiang lumang kaisipan at praktikang nalipasan na ng bisa. Itakwil ang lahat ng sagipsip ng pesimismo tulad ng kaisipang palasuko at pinakamasahol na pagtatraydor sa masa't rebolusyon.

Kailangang pangibabawan ng mga yunit gerilya ng BHB ang sitwasyong kumikilos ang mga ito na walang matibay at malakas na likuran. Upang magtagumpay na makapagpunyagi sa pagpreserba ng pwersa't pagpapalakas, dapat taglayin ang mataas na makauring kamulatan, ang walang hanggang pagmamahal sa masa at kapakanan ng bayan, ang mataas na diwa ng pagpapakasakit, kabayanihan at katapangan at ang walang pingas na katapatan sa Partido. Sa pamamagitan nito, buuin ang matibay na pagkakaisa ng mga opisyal at mandirigma, ng mga opisyal sa kapwa opisyal, ng mga mandirigma sa kapwa mandirigma at ng BHB sa mamamayan.

Taglay ang katapatan at pagpapahalaga sa interes ng masa, dapat panghawakan ng BHB ang disiplinang bakal alinsunod sa panuntunang huwag gumawa ni anumang katiting na paglabag sa interes ng masa. Nararapat nitong sundin ang tatlong pangunahing alintuntunin sa disiplina at walong bagay na dapat tandaan.

Nag-aalab ang determinasyon ng Partido at BHB na isulong ang matagalang digmang bayan sa harap ng ibayong paglala ng kronikong krisis ng lipunang malakolonyal at malapyudal at ng pumuputok na gyerang agresyon at mapanakop na inilulunsad ng US. Tinatanglawan at pinahuhusay ito ng mga turo ng dakilang guro at bayani ng rebolusyong Pilipino ng kasalukuyang siglo na si Jose Maria Sison. Puno ito ng inspirasyon na iambag ang kanyang ganang kaya sa dakilang adhikain ng manggagawa, magsasaka at mga bansang mapagpamahal sa kalayaan na wakasan ang imperyalismong US at kasabwat nitong papet na estado. Buo ang tiwala nitong makakapagpalaki at makakapagpalakas at sa dako pa roon ay madadala sa ganap na tagumpay ang rebolusyong Pilipino.

## MABUHAY ANG IKA-57 ANIBERSARYO NG BAGONG HUKBONG BAYAN!

## SUMAPI SA BAGONG HUKBONG BAYAN!

## IBAGSAK ANG IMPERYALISMONG US, PYUDALISMO AT BURUKRATANG KAPITALISMO!

## MABUHAY ANG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS (MLM)!

## MABUHAY ANG NATIONAL DEMOCRATIC FRONT OF THE PHILIPPINES!

## ISULONG ANG DIGMANG BAYAN HANGGANG TAGUMPAY!